

[Tagalog]

Oktubre 2018

Mahal na mga Magulang/Mga Tagapag-alaga ng mga Mag-aaral na Grado 4 hanggang 12,

Sa Lupon ng Paaralan ng Distrito ng Peel (Peel District School Board, kami ay nakatalaga sa pagbibigay ng pinakamahasag na mga kapaligiran ng pag-aaral upang *ang lahat* ng mga mag-aaral ay makamit ang personal na kahusayan. Para magawa ito, kailangan namin na tunay na maunawaan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at ng kanilang mga pamilya. Upang matulungan kami sa gawaing ito, kami ay nagagalak na ibalita na sa susunod na buwan ay ilulunsad namin ang aming unang *Sensus ng Mag-aaral*.

Sa panahon ng Nob. 19 hanggang 30, 2018, ang mga mag-aaral sa grado 4 hanggang 12 ay aanyayahan na magkumpleto ng *Sensus ng Mag-aaral* sa klase. Ang talatanungan ay aabutin ng humigit-kumulang isang panahon ng klase upang makumpleto, at magbibilang ng mga tanong na nagtatanong sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang sarili at kanilang mga karanasan sa loob at labas ng paaralan. Ang mga magulang/mga tagapag-alaga ng mga mag-aaral sa kindergarten hanggang grado 3 ay makakatanggap ng isang talatanungan upang punan para sa kapakanan ng kanilang (mga) anak.

Ang mga natuklasan sa sensus ay makakatulong sa lupon at aming mga paaralan na:

- mas mabuting maunawaan ang mga populasyon ng mag-aaral at mga komunidad ng paaralan
- kilalanin at alisin ang mga hadlang sa tagumpay ng mag-aaral, pagsasama at kagalingan
- magtatag ng epektibong mga programa at muling maglaan ng mga mapagkukunan sa kung saan sila pinakahigit na kailangan

Ang *Sensus ng Mag-aaral* ay kumpidensyal, nguni't ito ay hindi anonimo. Lahat ng mga nakolektang sagot ay itatago sa isang ligtas, kumpidensyal na database at ma- aakses lamang ng awtorisadong kawani ng Pananaliksik upang kilalanin at buurin ang mga kalakaran ng mga mag-aaral sa Peel. Ang mga indibidwal na mga talatanungan ng mag-aaral ay hindi susuriin. Ang lupon ng Peel ay nakatalaga sa pinakamataas na mga antas ng pagkapribado at pagiging kumpidensyal sa pangongolekta ng impormasyon ng mga mag-aaral at sumusunod sa lahat ng mga kinakailangan ng pagkapribado na nakabalangkas sa Municipal Freedom of Information and Protection of Privacy Act (MFIPPA). Ang impormasyon na natipon sa pamamagitan ng Sensus ng Mag-aaral ay kinolekta sa ilalim ng legal na awtoridad ng Batas ng Edukasyon (R.S.O. 1990, c. E. 2, gaya ng pagbabago) para sa mga kadahilanan na pang-edukasyon at pananaliksik lamang.

Mahalaga na ang *Sensus ng Mag-aaral* ay sumasalamin sa mga tinig ng *lahat* ng mga mag-aaral—mas maraming mga sagot ang matanggap namin, mas mabisa ang datos upang makatulong na ipaalam at pabutihin ang pagpoprograma at pagtuturo. Kung ikaw ay magpasiya na hindi pasalihin ang iyong anak sa *Sensus ng Mag-aaral*, mangyaring punan ang pormularyo sa ibaba at ibalik ito sa paaralan ng iyong anak bago mag-Nobyembre 14, 2018.

Kung mayroon kang anumang mga tanong, paki-repaso ang pilyego ng katotohanan na nasa likod ng liham na ito. Maaari mo ring bisitahin ang www.peelschools.org/studentcensus o kontakin ang departamento ng Pananaliksik ng lupon ng Peel sa 905-890-1010 ext. 3523 o studentcensus@peelsb.com.

Palagi, kami ay nagpapasalamat para sa iyong patuloy na suporta habang kami ay nagbibigay ng inspirasyon ng tagumpay, kumpidensiya, at pag-asa sa baw't mag-aaral.




Peter Joshua
Direktor ng Edukasyon

Punan ang seksyon na ito **lamang kung HINDI MO** nais na makilahok ang iyong anak sa *Sensus ng Mag-aaral*. Mangyaring punitin sa seksyong ito at ibalik sa paaralan ng iyong anak **nang Nob. 14, 2018**.

Hindi **ko** nais ang anak ko, _____, na makilahok sa *2018 na Sensus ng Mag-aaral*.
(i-print ang pangalan ng mag-aaral)

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Lagda: _____



Mga Madalas na Itinatanong

Ano ang layunin ng Sensus ng Mag-aaral ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng Peel?

Ang mga natuklasan sa sensus ay makakatulong sa lupon at aming mga paaralan na:

- mas mabuting maunawaan ang mga populasyon ng mag-aaral at mga komunidad ng paaralan
- kilalanin at alisin ang mga hadlang sa tagumpay ng mag-aaral, pagsasama at kagalingan
- magtatag ng epektibong mga programa at muling maglaan ng mga mapagkukunan sa kung saan sila pinakahigit na kailangan

Anong mga uri ng mga tanong ang kasama sa Sensus ng Mag-aaral?

Ang *Sensus ng Mag-aaral* ay binubuo ng humigit-kumulang 30 maraming pagpipilian na mga tanong tungkol sa pagkakakilanlan ng mag-aaral, mga katangian ng pamilya, mga karanasan sa paaralan at kagalingan ng mag-aaral.

Kailangan bang sagutin ng aking anak ang bawa't tanong sa sensus?

Ang *Sensus ng Mag-aaral* ay boluntaryo. Maaaring piliin ng mga mag-aaral o mga magulang/mga tagapag-alaga na laktawan ang mga tanong kung hindi nila nais magbigay ng mga sagot, o maaari nilang piliin na hindi lumahok. Gayunpaman, mahalagang tandaan na mas mataas ang antas ng pagkukumpleto, mas mayaman at mas maaasahan ang impormasyon para sa pagpapabuti ng paaralan at pagpapalano ng programa.

Maaari ko bang makita ang isang kopya ng Sensus ng Mag-aaral bago makilahok ang aking anak?

Ang kopya ng sensus ay makukuha sa www.peelschools.org/studentcensus.

Paano pananatiliing kumpidensyal ang mga sagot ng aking anak?

Kapag ipinamahagi ang sensus sa mga mag-aaral, kasama dito ang isang lakip na may pangalan ng mag-aaral. Ito lamang ang pahina na may pagkakakilanlan ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng tagubilin na tanggalin ang lakip bago isumite ang kanilang nakumpletong sensus. Ang mga nakumpletong talatanungan ay hindi magkakaroon ng personal na nagpapakilalang impormasyon sa kanila at isasara ng mag-aaral sa isang sobre. Ang kawaning guro ay naroroon upang tumulong sa mga mag-aaral kung kailangan ng mga mag-aaral ng paglilinaw sa isang tanong, nguni't hindi nila titingnan ang anumang mga sagot upang mapangalagaan ang pagkapribado ng mag-aaral.

Ang mga nakumpletong talatanungan—na walang nagpapakilalang impormasyon (hal. pangalan o numero ng mag-aaral)—ay isasara sa isang sobre ng mag-aaral, at ipadadala ng bawa't paaralan sa isang siguradong, panlabas na kompanyang kinontrata ng lupon ng Peel upang ma-iscan at iproseso ang mga sagot. Ang kumpidensyal na database ay magagamit lamang ng Departamento ng Pananaliksik para sa mga layunin ng pagsusuri at pananaliksik. Ang mga hakbang na ito ay sumusunod sa Municipal Freedom of Information and Protection of Privacy Act (MFIPPA).

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng isang kumpidensyal na sensus at isang anonimong sensus?

Ang *Sensus ng Mag-aaral* ay kumpidensyal, nguni't ito ay hindi anonimo. Ang mga talatanungan ng sensus ay natatakan ng isang bukod-tanging koda na kaugnay sa bawa't numero ng ID ng mag-aaral. Ang bukod-tanging koda na ito ay nagpapahintulot sa Departamento ng Pananaliksik ng lupon na masuri ang mga sagot habang ginagamit rin ang dating nakolektang datos (hal. tirahan, mga wikang sinasalita sa bahay, mga grado, atbp.), na nagreresulta sa isang mas ganap na pagkakaunawa sa mga mag-aaral sa Peel. Walang personal na pagkakakilanlan—tulad ng pangalan ng mag-aaral o numero ng ID—ang lalabas sa talatanungan habang ito ay pinupunan ng mag-aaral. Ito ay upang matiyak na ang impormasyon na ibinigay ng mga mag-aaral ay mananatiling kumpidensyal.

Paano gagamitin ang datos ng sensus?

Sa oras na naproseso at nasuri ang mga sagot, ang Departamento ng Pananaliksik ng lupon ng Peel ay magsasagawa ng isang serye ng mga ulat upang makatulong na ipaalam sa lupon at paaralan ang paraan ng pagdedesisyon para sa mga programa at pagtuturo. Ang ibinuod na datos ay maaari ding ibahagi sa mga kasosyo sa komunidad at mga ahensiya ng pamahalaan upang tulungan silang mapabuti ang kanilang mga serbisyo upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad. Ang mga ulat ng datos o pagsusuri ay hindi maghihiwalay sa isang mag-aaral. Ayon sa batas, ang lupon ng Peel ay hindi maaaring magpakilala ng indibidwal na impormasyon para sa sinumang mag-aaral/magulang na nagkumpleto ng sensus.